



Simula Enero 1, 2020, kung kayo o ang inyong pamilya ay nakatanggap ng tulong o suporta mula sa isang children's aid society, group home, o ibang tagapagbigay ng serbisyo sa bata at pamilya sa Ontario, kayo ay may karapatang tingnan at humingi ng mga pagwawasto sa inyong personal na impormasyon sa inyong file.

Sa ilalim ng batas sa mga serbisyo ng bata at pamilya ng Ontario, dapat ipaalam sa inyo ng mga tagapagbigay ng serbisyo kung paano gagamitin ang inyong personal na impormasyon at sabihin sa inyo kung paano nila ito maibabahagi. Dapat din nilang tiyakin na ang anumang personal na impormasyong makukuha nila mula sa inyo ay mananatiling pribado at ipaalam sa inyo kung ito ay nawala, ibinahagi, ninakaw o natingnan nang hindi dapat.



## ANO ANG GINAGAWA NG OFFICE OF THE INFORMATION AND PRIVACY COMMISSIONER NG ONTARIO?

Tinitiyak ng aming opisina na ang mga child's aid society, group home, at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo sundin ang mga alituntunin upang protektahan at magbigay ng access sa personal na impormasyon sa ilalim ng batas sa serbisyo ng bata at pamilya ng Ontario. Tumawag o mag-email sa amin para sa tulong.



Information and Privacy  
Commissioner of Ontario  
Commissaire à l'information et à la  
protection de la vie privée de l'Ontario

2 Bloor Street East, Suite 1400  
Toronto, Ontario, Canada M4W 1A8  
Telepono: 416-326-3333 / 1-800-387-0073  
TDD/TTY: 416-325-7539

[www.ipc.on.ca](http://www.ipc.on.ca)  
[info@ipc.on.ca](mailto:info@ipc.on.ca)

Setyembre 2019

# ITO AY TUNGKOL SA INYO

Ang Iyong File at ang Iyong  
Mga Karapatan Sa Ilalim  
ng Batas sa Serbisyon  
Pampamilya at Bata sa  
Ontario (Child and Family  
Services Law)



Information and Privacy  
Commissioner of Ontario  
Commissaire à l'information et à la  
protection de la vie privée de l'Ontario



## KAILANGAN BA AKONG NASA GULANG NA 18 BAGO KO HILINGIN NA MAKITA ANG AKING PERSONAL NA IMPORMASYON SA AKING FILE?

Maaaring hilingin ng mga tao sa anumang edad na makita o gumawa ng mga pagwawasto sa personal na impormasyon sa kanilang file.

## ANONG URI NG IMPORMASYON ANG MAAARI KONG HILINGIN?

Maaari ninyong hilingin na makita at makakuha ng kopya ng inyong personal na impormasyon sa inyong file. Kabilang dito ang impormasyon tungkol sa inyong kasaysayan, inyong kalusugan o mga tala mula sa mga pakikipag-usap niyo sa isang social worker o iba pang propesyonal. Dapat kayong tulungan ng inyong tagapagbigay ng serbisyo na makuha ang impormasyong ito kung hihilingin ninyo.

Ang mga patakarang ito ay hindi pinapairal sa mga talaan ng pag-aampon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng inyong mga talaan ng pag-aampon sa Ontario, tumawag sa 1-800-461-2156.

## MAGKANO ANG HALAGA NG MAGAGATOS AT GAANO KATAGAL ITO MAKUKUHA?

Libre ang humiling ng kopya ng inyong impormasyon. Sa karamihan ng mga kaso, ang mga tagapagbigay ng serbisyo ay dapat kayong balikan sa loob ng 30 araw.

## MAKUKUHA KO BA ANG LAHAT NG IMPORMASYONG HINIHINGI KO? MAAARI BA AKONG HUMINGI NG KOPYA?

Minsan ang tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring hindi maibigay sa inyo ang lahat ng impormasyong hinihiling niyo. Ito ay maaaring dahil hindi sila pinapayagan sa ilalim ng batas.

Kapag hindi binigay sa inyo ng isang tagapagbigay ng serbisyo ang lahat ng impormasyong hiningi niyo, kailangan nilang sabihin sa inyo kung bakit. Kahit na hindi maipakita sa inyo ng tagapagbigay ng serbisyo ang lahat ng nasa inyong file, hindi sapat para sa kanila na bigyan kayo ng isang maikling buod ng nilalaman nito. Dapat kayong bigyan ng access sa inyong file at isang kopya nito kung hihilingi kayo.

## MALI O NAWAWALANG IMPORMASYON SA AKING FILE, PAANO KO ITO MAAAYOS?

Hilingin ang pagwawasto sa pamamagitan ng pagsulat sa tagapagbigay ng serbisyo. Ang ilang mga tagapagbigay ng serbisyo ay maaaring mayroong isang pormularyo na magagamit niyo. Sabihin sa kanila kung ano ang mali o nawawala at tiyaking ibigay sa kanila ang impormasyong kailangan upang maayos ang problema. Ang paghingi ng pagwawasto sa personal na impormasyon sa inyong file ay libre.

## ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG HINDI KO MAKUHA ANG IMPORMASYON O ANG MGA PAGBABAGONG HINILING KO?

Kung hindi kayo pinahintulutan ng isang tagapagbigay ng serbisyo na makita ang inyong personal na impormasyon sa inyong file o hindi magagawa ang mga pagwawasto nito, dapat nilang sabihin sa inyo kung bakit sa pamamagitan ng sulat. Dapat din nilang ipaalam sa inyo kung ang hinihiling nyo ay tatagal ng higit sa 30 araw.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa kanilang mga dahilan sa hindi pagbibigay sa inyo ng impormasyon o paggawa ng mga pagbabagong hiniling niyo makipag-ugnayan sa tagapagbigay ng serbisyo. Maaari silang makipagtulungan sa inyo upang makahanap ng solusyon. Kung nagkakaroon pa rin kayo ng mga problema, maaari kayong makipag-ugnayan sa Komisyonado ng Impormasyon at Pagkapribado (Information and Privacy Commissioner) ng Ontario upang magreklamo tungkol sa tagapagbigay ng serbisyo. Maaari kayong magpuno ng pormularyo sa [www.ipc.on.ca](http://www.ipc.on.ca).

## ANO ANG MANGYAYARI KUNG MALAMAN KONG NAGAMIT, NAWALA, NINAKAW, O NAIBAHAGI ANG AKING PERSONAL NA IMPORMASYON NANG WALANG PAHINTULOT KO?

Kailangang ipaalam sa inyo ng inyong tagapagbigay ng serbisyo kung ang impormasyong mayroon sila tungkol sa inyo ay nawala, ibinahagi, ninakaw o natingnan nang hindi dapat. Kailangan nilang isulat kung ano ang nangyari, kung ano ang kanilang ginagawa upang ayusin ang problema, at kung sino ang matatawagan kung kayo ay mayroong mga tanong. Kailangan din nilang sabihin sa inyo kung paano kayo makakapagreklamo sa Information and Privacy Commissioner ng Ontario.

Alamin nang higit pa ang tungkol sa paggawa ng reklamo at makakuha ng mga sagot sa mga karaniwang itinatanong sa [www.ipc.on.ca](http://www.ipc.on.ca).



InformationandPrivacyCommissionerofOntario



@IPCinfoprivacy

Sino ang kakausapin sa York Region CAS kung gusto mong:

- Magtanong tungkol sa inyong mga karapatan sa pagkapribado
- Gumawa ng kahilingan sa pag-access o pagwawasto
- Gumawa ng reklamo

Maaari kayong makipag-ugnayan sa Privacy Officer ng York Region Children's Aid Society sa pamamagitan ng pag-email sa [privacy.officer@yorkcas.org](mailto:privacy.officer@yorkcas.org).

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang aming Notice of Information Practices na makukuha sa aming website [www.yorkcas.org](http://www.yorkcas.org) o kumuha ng naka-print na kopya sa isa sa aming mga opisina.